



MAPAGKUKUNAN NG PASYENTE: MGA TANONG PARA SA AKING DOKTOR

(Inilathala noong 3/21/2023)

Inihanda ng LBCA ang mga tanong na ito para magamit sa iba't ibang miyembro ng iyong pangkat ng tagapangalaga o sa isang tao kung kanino ka maaaring humingi ng ibang opinyon. Sa paghahanda ng mga tanong, binuo namin ang mapagkukunang ito sa tulong ng mga boluntaryong tagapagtaguyod ng pasyente, pati na rin ng mga clinician sa aming Scientific Advisory Board (SAB). Kinikilala namin na ang lahat ay natatangi, at ang kanser ay isang komplikadong sakit. Inuulit din namin na hindi lahat ng lobular na kanser sa suso ay pareho. Nag-iiba ang mga kanser sa henetikong kayarian. Ang bawat isa ay may iba't ibang medikal na kasaysayan, magkasabay na mga sakit, lifestyle, at suportang panlipunan, at isinasaalang-alang ng iyong mga doktor ang lahat ng salik na ito sa iyong diagnostic work-up, plano sa paggamot, at sa pagsubaybay sa iyong patuloy na pangangalaga. Samakatuwid, iniaalok namin ang mga tanong na ito nang may pag-unawa na maaaring hindi lahat ng ito ay naaangkop sa iyong kaso.

Ginrupo namin ang mga tanong na ito sa mga kategorya para maaari mong i-download at i-print ang lahat o ang mga pinakamay-kaugnayan lamang para sa iyo. Tumutukoy ang mga tanong sa Seksyon 1 sa mga indibidwal na may lahat ng stage ng ILC habang ang Seksyon 2 at 3 ay partikular na tumutukoy sa metastatic ILC.

Talaan ng mga Nilalaman

Seksyon 1: MGA TANONG NA MAY KINALAMAN SA ILC – LAHAT NG STAGE..... 3

PAGKILALA SA AKING ONCOLOGIST AT MEDIKAL NA PASILIDAD 3

MGA TANONG TUNGKOL SA INITIAL IMAGING REPORT AT PAGESUSURI 3

MGA TANONG TUNGKOL SA REPORT SA BIOPSY/PATOLOHIYA..... 3

MGA TANONG TUNGKOL SA KARAGDAGANG PAGESUSURI NA MAY KAUGNAYAN SA AKING DIAGNOSIS 4

MGA TANONG TUNGKOL SA AKING PAGGAMOT 4

MGA TANONG KUNG INIREREKOMENDA ANG CHEMOTHERAPY 4

MGA TANONG TUNGKOL SA HORMONAL THERAPY 5

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST TUNGKOL SA PAG-FOLLOW UP 5

MGA TANONG PARA SA IYONG SURGEON 6

MGA TANONG TUNGKOL SA PAGKATAPOS NG PANGANGALAGA, PAG-FOLLOW UP AT MGA SIDE EFFECT NG OPERASYON 7

MGA TANONG PARA SA IYONG RADIATION ONCOLOGIST 7

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST KUNG MAY LOKAL KA NA PAG-ULIT (susong o kulani) 8

MGA TANONG TUNGKOL SA SUPPORTIVE CARE AT SURVIVORSHIP 8

MGA TANONG TUNGKOL SA MGA KLINIKAL NA PAGSUBOK 8

SEKSYON 2: MGA TANONG KUNG NA-DIAGNOSE KA NG METASTATIC LOBULAR NA KANSER SA SUSO (alinman sa naulit o natukoy sa paunang diagnosis - “de-novo metastatic”)..... 9

PAGKILALA SA AKING ONCOLOGIST AT MEDIKAL NA PASILIDAD 9

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST 9

MGA TANONG TUNGKOL SA AKING REPORT SA PATOLOHIYA (tingnan ang Seksyon 1, para sa mga pangkalahatang tanong sa patolohiya) 9

MGA TANONG TUNGKOL SA IMAGING 10

MGA TANONG TUNGKOL SA KARAGDAGANG PAGESUSURI 10

MGA TANONG TUNGKOL SA AKING PAGGAMOT 10

MGA TANONG PARA SA IYONG SURGEON (Kung pinag-iisipan mo ang operasyon sa suso, tingnan ang seksyon ng Operasyon sa itaas) .. 10

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST KUNG MAY PAG-USAD SA METASTATIC NA KANSER SA SUSO 11

MGA TANONG TUNGKOL SA SUPPORTIVE CARE AT SURVIVORSHIP 11

MGA TANONG TUNGKOL SA MGA KLINIKAL NA PAGSUBOK 11

SEKSYON 3: MGA PARTIKULAR NA TANONG NA MAY KAUGNAYAN SA LUGAR NG MGA PAGKALAT 12

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA IYONG MGA BUTO 12

MGA TANONG PARA SA RADIATION ONCOLOGIST NA MAY KAUGNAYAN SA MGA PAGKALAT SA BUTO..... 12

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA ATAY 12

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA IYONG MGA BAGA..... 13

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA GASTROINTESTINAL TRACT (esophagus, tiyan, kolón, bituka, tumbong) o TIYAN (peritoneum, omentum, pantog, mga bato o obaryo)..... 13

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA UTAK, LEPTOMENINGES, O ORBITA (Lugar ng Mata) 13

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA BALAT 13

APENDISE: MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA BATAYANG PAG-AARAL TUNGKOL SA KANSER SA SUSO.. 14

MGA TANONG PARA SA AKING DOKTOR

Seksyon 1: MGA TANONG NA MAY KINALAMAN SA ILC – LAHAT NG STAGE

PAGKILALA SA AKING ONCOLOGIST AT MEDIKAL NA PASILIDAD

1. Espesyalista ka ba sa kanser sa suso?
2. Gaano ka kapamilyar sa paggamot sa mga pasyente na may lobular na kanser sa suso? Sino pa ang magiging nasa team ko?
3. Pamilyar ka ba sa kasalukuyang pananaliksik sa lobular na kanser sa suso? Handa ka bang makinig sa anumang bagong pag-aaral o pananaliksik na maaaring matuklasan ko?
4. Komportable ka ba na humingi ako ng pangalawang opinyon kung nanaisin ko ito?

MGA TANONG TUNGKOL SA INITIAL IMAGING REPORT AT PAGSUSURI

1. Gaano kalaki ang (mga) tumor?
2. Ipinapakita ba ng imaging ang higit sa isang tumor sa suso? Kung oo, nasa parehong quadrant ba ng aking suso ang iba pang tumor? Mayroon ba sa kabilang suso?
3. Inirerekomenda mo ba ang ultrasound o MRI bilang karagdagan sa mammogram? Anong karagdagang impormasyon ang maibibigay ng mga pagsusuri na ito?
4. Makakapa mo ba ang tumor? Masusukat mo ba ito? Maaari mo bang ipakita sa akin kung nasaan ito/mga ito?
5. May nakakapa ka bang malaki o kahina-hinalang mga kulani sa aking kilikili? Nakikita ba ang mga kahina-hinalang kulani sa anumang pagsusuri sa imaging?
6. Kailangan ko ba ng biopsy? Anong uri ng biopsy ang inirerekomenda mo? Ano ang ipapakita ng biopsy? Magpapakita ba ang biopsy ng anumang bagay tungkol sa pagkakasangkot ng kulani? Paano isinasagawa ang biopsy?

MGA TANONG TUNGKOL SA REPORT SA BIOPSY/PATOLOHIYA

1. Anong mga pagsusuri ang nagpapatunay na mayroon akong lobular na kanser sa suso?
2. Ano ang ibig sabihin ng classic o non-classic na lobular na kanser sa suso?
3. Sinuri mo ba ang tumor para matukoy kung ito ay Estrogen receptor positive (ER+)? Progesterone receptor positive (PR+)? HER2 positive o Triple negative¹ (TNBC)? Kung ER+ o PR+ ito, gaano kalakas ang pagiging positibo? Ano ang kahalagahan ng mga resultang ito para sa akin at sa aking paggamot? Ano ang ibig sabihin ng mga pagsusuri sa IHC (immunochemistry) at ano ang ipinahihiwatig ng mga resulta?
4. Nauunawaan ko na ang pagsukat ng Ki67 ay hindi ginagawa nang regular ngunit kailan sinusukat ang Ki67?
5. May molecular subtyping luminal A at luminal B. Ano ang ibig sabihin nito?
6. Ano ang stage ng kanser? Paano ito natutukoy?
7. Ano ang grado ng tumor at ano ang ibig sabihin nito?
8. Ano ang ibig sabihin ng mga sukat na ito at paano gagabayan ng mga resultang ito ang paggamot na inirerekomenda mo?

¹ Bihira ang triple negative sa mga kaso ng ILC.

MGA TANONG TUNGKOL SA KARAGDAGANG PAGSUSURI NA MAY KAUGNAYAN SA AKING DIAGNOSIS

1. Mayroon bang higit pang pagsusuri na kailangan ko, tulad ng MRI o CT o PET scan o bone scan para makita kung kumalat ang kanser sa labas ng suso?
2. Paano naapektuhan ng lobular na kanser sa suso ang iyong desisyon tungkol sa kung ano pang pagsusuri sa imaging ang hihilingin?
3. Nagpaplano ka bang magpadala ng specimen para sa Oncotype DX o MammaPrint o iba pang prognostic o predictive na pagsusuri? Bakit/bakit hindi? Paano makakaapekto ang mga resultang ito sa aking mga opsyon sa paggamot?
4. Inirerekomenda mo ba ang henetikong pagsusuri? Kung oo, anong pagsusuri ang gagawin mo sa (BRCA1, BRCA2, CDH1, o iba pang namamanang mutasyon)? Bakit/bakit hindi? Kailan ito dapat mangyari? Mayroon bang genetic counselor sa pagsasanay/klinika/sentro na ito na maaari kong kausapin?
5. Paano magiging kapaki-pakinabang ang impormasyong ito sa mga rekomendasyon mo sa paggamot at sa aking mga desisyon sa plano ng pangangalaga?
6. Kung ako ay positibo sa BRCA – mangyaring ipaliwanag sa akin ang mga kalagayan na irerekomenda mo ang mastectomy at/o oophorectomy (pag-aalis ng obaryo), ano ang iba ko pang opsyon at anong pagkakaiba sa pangmatagalang kaligtasan ang ibibigay ng iba't ibang opsyong ito?
7. Kung mayroon akong ibang germline na mutasyon (iyon ay, isang minanang henetikong mutasyon), gaya ng ATM na mutasyon, paano ito makakaapekto sa aking pangangalaga?

MGA TANONG TUNGKOL SA AKING PAGGAMOT

1. Inirerekomenda mo ba ang operasyon, radiation therapy, at/o systemic therapy (hormonal o chemotherapy o pareho)? Pakipaliwanag ang mga dahilan para sa iminungkahing plano sa paggamot na ito.
2. Ano ang pagkakasunod-sunod ng mga paggamot na ito? Sino ang dapat kong kausapin tungkol sa mga side effect ng mga paggamot na ito sakaling maranasan ko ang mga ito kapag sumailalim ako sa mga paggamot na ito?
3. Magrerekomenda ka ba ng iba pang pagbabago sa lifestyle o nutrisyon? Gusto mo bang uminom ako ng calcium o vitamin D o anumang iba pang suplemento? Mayroon bang nutritionist at/o programa sa pag-ehehersisyo sa iyong pagsasanay/pasilidad o sa lugar na iyong inirerekomenda?

MGA TANONG KUNG INIREREKOMENDA ANG CHEMOTHERAPY

1. Bakit mo inirerekomenda ang chemotherapy?
2. Kakailanganin ko ba ang chemotherapy bago o pagkatapos ng aking operasyon? Ano ang dahilan para sa iminungkahing panahon? Aling chemotherapy ang inirerekomenda mo para sa akin at bakit?
3. Kakailanganin ko ba ng anumang karagdagang pagsusuri (tulad ng pagsusuri sa paggana ng aking puso) bago ako magsimula ng chemotherapy?
4. Ano ang mga side effect ng chemotherapy na inirerekomenda mo? Anong mga lunas ang magagamit para maiwasan o mabawasan ang mga side effect?
5. Maaari bang mabawasan ng mga cold cap o iba pa ang pagkalagas ng buhok ko?
6. Mayroon ba kong makakausap tungkol sa kung paano magkaroon ng peluka? Karaniwang sakop ba ang mga peluka ng insurance?
7. Kailangan ko ba ng port? Maaari ba nating pag-usapan ang mga bentaha at disbentaha ng port?
8. Ano pa ang kailangan kong malaman tungkol sa chemotherapy na iminumungkahi mo? At anong iba pang mapagkukunan at suporta ang inirerekomenda mo?

MGA TANONG TUNGKOL SA HORMONAL THERAPY

1. Aling hormonal therapy ang inirerekomenda mo at bakit?
2. Kailan ko sisimulan ang hormonal therapy? Maghihintay ba ako hanggang matapos ang radyasyon o chemotherapy?
3. Paano isinasaalang-alang ang aking menopausal status sa desisyong ito? Kung ako ay pre-menopausal, ano ang irerekomenda mo at bakit? Angkop ba para sa akin ang oophorectomy o iba pang uri ng ovarian suppression? Kung angkop para sa akin ang oophorectomy, kailan ko gagawin ang pamamaraang ito?
4. Gaano katagal mo nirerekomenda na magkaroon ako ng hormonal therapy? Maaari mo bang ipaliwanag kung paano binabawasan ng hormonal therapy ang aking panganib ng pag-ulit at kung nababawasan pa ang aking panganib depende sa kung gaano katagal ako nananatili sa hormonal therapy?
5. Ano ang mga side effect na maaari kong asahan? Sino ang dapat kong kausapin tungkol sa mga side effect? Dapat ko bang asahan na magbabago ang kalubhaan ng mga side effect sa paglipas ng panahon? May opsiyon bang magpalit ng mga hormonal na paggamot o babaan ang dosis kung masyadong malala ang mga side effect? May opsiyon ba para sa pansamantalang paghinto sa hormone therapy?
6. Maaari mo bang ipaliwanag ang anumang potensiyal na negatibong epekto ng mga opsiyon sa hormone therapy sa aking mga buto, puso, timbang, at ang panganib na magkaroon ng iba pang kanser?
7. Dapat ba akong magkaroon ng pagsusuri sa density ng buto? Kung may osteoporosis o osteopenia na ako, magrerekomenda ka ba ng mga bisphosphonate o iba pang agent ng pagpapalakas ng buto dahil sa mga panganib ng mas mataas na panghihina ng buto mula sa ilang anti-estrogen na gamot? Magbabago ba ang rekomendasyon mo kung iinom ako ng Tamoxifen kumpara sa aromatase inhibitor? Kung inirerekomenda, gaano kadalas ko kailangang inumin ang mga ito at gaano katagal? Kung may iba't ibang opsiyon para sa kung paano maibibigay ang mga ito, maaari mo bang ipaliwanag ang mga bentaha/disbentaha ng bawat isa kasama na kung ang isa o higit pang opsiyon ay hindi masasakop ng insurance?
8. Kung iinom/gagamit ako ng mga bisphosphonate, ano ang mga panganib ng ONJ (Osteonecrosis of the jaw)? Ano ang iba pang side effect? Narinig ko na maaaring magdulot ng mga problema sa gawaing nauugnay sa ngipin ang mga ito, maaari mo bang ipaliwanag? Kailangan ko bang ihinto ang pag-inom ng mga ito para sa anumang gawaing nauugnay sa ngipin?

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST TUNGKOL SA PAG-FOLLOW UP

1. Paano mo ako ipa-follow up pagkatapos ng paggamot? Kailangan ko bang magkaroon ng mga regular na pagsusuri sa dugo o mga check-up o pag-scan? Gaano kadalas?
2. Anong uri ng imaging ang irerekomenda mo at gaano kadalas? Inirerekomenda mo ba na gawin din sa akin ang mga MRI bilang karagdagan sa mga mammogram?
3. Ano ang panganib ko para sa pag-ulit? Gaano katagal mo inirerekomenda na inumin ko ang iniresetang paggamot para maiwasan ang mga pag-ulit?
4. Ano ang mga panganib ng metastatic na pagkalat? Hanggang kailan mo ako ipa-follow up?
5. Ano ang malamang na mga lugar na maaaring maulit ang kanser?
6. Anong mga senyales o sintomas ng posibleng pag-ulit o pagkalat ang dapat kong ipaalam sa iyo?
7. Dapat ko bang ipagpatuloy ang mga pagsusuri sa sarili sa suso/dibdib at ang pagsusuri sa ilalim ng aking kilikili kung may namamagang kulani?

MGA TANONG PARA SA IYONG SURGEON

1. Dalubhasa ka ba sa kanser sa suso?
2. Ano ang iyong karanasan sa operasyon sa mga pasyente na may lobular na kanser sa suso?
3. Inirerekomenda mo ba ang lumpectomy o mastectomy para sa akin? Ano ang mga panganib at benepisyong bawat isa?
4. Kung malaki ang tumor, inirerekomenda mo bang paliitin muna ito gamit ang chemotherapy o hormonal therapy para mas madaling alisin ang mga margin? Tinatayang gaano katagal ito? Mayroon bang anumang panganib na kasangkot sa paghihintay para sa operasyon?
5. Kung inirerekomenda mo ang lumpectomy, sa tingin mo ba ay makakamit mo ang malinis na margin sa aking kaso? Kung hindi mo makakamit ang malinis na margin sa unang pagkakataon, magrerekomenda ka ba ng pangalawang lumpectomy? Sa anong mga kalagayan mo irerekomenda na magkaroon ako ng mastectomy pagkatapos ng lumpectomy?
6. Kung sumailalim ako sa lumpectomy, kailangan ko ba ng radyasyon? Maaari ko bang maiwasan ang radyasyon sa pamamagitan ng mastectomy?
7. Anong pamamaraan ang ginagamit mo para mahanap ang tumor at mga kulani bago ang pag-opera?
8. Paano mo matutukoy kung malinis ang mga margin?
9. Anong mga pamamaraan ang ginagamit mo para makakuha ng malinis na mga margin? May kapasidad ba ang ospital na aking papasukan na magsuri sa operating room kung hindi nakamit ng aking surgeon ang malinis na margin at pinahihintulutan ba siyang gumawa ng karagdagang pagtanggap kaagad?
10. Pamilyar ka ba sa paraan na Oncoplastic? Isang opsiyon ba ang Oncoplastic lumpectomy para sa akin? Maaaring maging kapaki-pakinabang ang oncoplasty sa ILC dahil maaari kang mag-alis ng mas maraming tissue para makakuha ng malinis na mga margin kasabay ng muling pagsasaayos ng tissue sa isa o parehong suso para sa mas magandang resultang kosmetiko. Isang bagay ba ito na angkop para sa akin?
11. Kung gumagamit ka/ang surgeon ko ng paraan na Oncoplastic Lumpectomy, kakailanganin ko ba ng plastic surgeon? Kung oo, paano ito gagana? Pipiliin ko ba ang plastic surgeon?
12. Gagawin mo ba ang sentinel node biopsy para matukoy ang pagkakasangkot ng kulani? Paano mo sasabihin kung gaano karaming mga kulani ang nasasangkot? Kakailanganin mo bang kumuha ng higit pa sa sentinel na kulani sa aking kaso? May mga pangyayari ba na nangangailangan ng pag-alis ng lahat ng kulani sa aking kilikili? (“dissection ng kulani sa kilikili”)
13. Anong mga pamamaraan ang ginagamit mo para mahanap ang mga cancerous na kulani?
14. Inirerekomenda mo ba ang radyasyon pagkatapos ng lumpectomy para pangalagaan ang natitirang sakit?
15. Kung inirerekomenda mo ang mastectomy, maaari mo bang ipaliwanag kung bakit? Mapapabuti ba nito ang aking pagkakataong mabuhay?
16. Na-diagnose ako na may ILC sa isang suso. Alam kong nakakaligtaan minsan ng imaging ang presensiya ng ILC sa kabilang suso. Inirerekomenda mo ba ang bilateral mastectomy (pag-alis ng kabilang suso)? Bakit o bakit hindi? Makakabawas ba ang pag-alis ng isa pang suso sa pag-ulit ng lobular na kanser sa suso? Maaari ko bang piliin ang bilateral mastectomy kahit na hindi mo ito inirerekomenda?
17. Ano ang panganib na magkaroon ng kanser sa aking kabilang suso dahil sa aking diagnosis na ILC kung hindi ito aalisin?
18. Maaari ka bang magsagawa ng nipple sparing mastectomy? Mayroon bang anumang panganib sa lobular na kanser na ang utong ay maaaring kasangkot sa kanser? Magkakaroon ba ako ng anumang pakiramdam sa aking mga suso o utong pagkatapos ng sparing surgery sa balat/utong?

19. Ano ang aking mga opsiyon kung pipiliin kong magkaroon ng breast reconstruction? Nakikipag-coordinate ka ba sa isang plastic surgeon sa operasyon? Inirerekomenda mo ba ang flap reconstruction, mga implant, o intraoperative reconstruction sa panahon ng operasyon? O aesthetic flat closure? Maaari mo bang ipaliwanag ang mga bentaha at disbentaha ng bawat isa at ang dahilan ng iyong rekomendasyon?
20. Ano ang pagkakaiba sa panahon ng paggaling para sa mastectomy na may at walang rekonstruksiyon? Ilang operasyon ang kailangan ko kung pipiliin ko ang mga implant? Kung flap ang pipiliin ko? Kung wala akong pipiliin?
21. Maaari mo bang ipakita sa akin ang mga larawan kung ano ang magiging hitsura ng aking dibdib kung magpapasiya ako tungkol sa rekonstruksiyon?
22. Kung marami akong tumor sa isang suso o sa magkabilang suso, anong operasyon ang irerekomenda mo?
23. Kung mayroon akong LCIS (Lobular Carcinoma in Situ) o DCIS (Ductal Carcinoma in Situ), irerekomenda mo ba ang operasyon?
24. Mayroon bang anumang klinikal na pagsubok sa pag-opera na maaaring angkop sa akin? Ang alinman sa mga ito ba ay partikular para sa lobular na kanser sa suso?

MGA TANONG TUNGKOL SA PAGKATAPOS NG PANGANGALAGA, PAG-FOLLOW UP AT MGA SIDE EFFECT NG OPERASYON

1. Kung sumailalim ako sa mastectomy, kailangan ko bang maglagay ng mga drain? Gaano katagal?
2. Magiging outpatient o inpatient ba ang operasyon?
3. Gaano katagal ang aking paggaling mula sa mastectomy? Mula sa lumpectomy?
4. Magrereseta ka ba ng mga gamot para sa kirot?
5. Sino ang magpa-follow up sa akin tungkol sa aking paggaling?
6. Nanganganib ba akong magkaroon ng lymphedema o cording pagkatapos ng operasyon?
7. Paano ko malalaman kung may lymphedema o cording ako? Mayroon bang anumang pag-iingat na maaari kong gawin?
8. Ano ang maaari kong gawin para matiyak na maibabalik ko ang buong galaw ng aking (mga) braso pagkatapos ng operasyon? Inirerekomenda mo ba ang physical therapy sa suso o masahe ng lymphedema? Nag-iiba ba ang rekomendasyong ito depende sa uri ng operasyon na mayroon ako? Maaari mo ba akong i-refer para sa pangangalagang ito?
9. Inirerekomenda mo ba ang radyasyon at kailan?
10. Mayroon ba akong siksik na suso? Isasaalang-alang mo ba ito kapag humiling ka ng mga pag-scan sa hinaharap? Mayroon bang anumang alituntunin para sa mga pagsusuri sa imaging o mga timeline para sa pag-follow up kung mayroon akong siksik na suso?

MGA TANONG PARA SA IYONG RADIATION ONCOLOGIST

1. Kung ang rekomendasyon mo ay radiation therapy, anong uri ng radyasyon ang irerekomenda mo? External Beam- Radyasyon sa Buong suso o Bahagi ng suso? Hypofractionated radiation? Maaari mo bang ipaliwanag ang mga pagkakaiba at kung bakit ito ang inirerekomenda mo?
2. Maaari mo bang ipaliwanag kung paano binabawasan ng radyasyon ang panganib ng pag-ulit?
3. Kailangan ko ba ng radyasyon sa mga kulani sa kilikili? Bakit o bakit hindi? Mapapabuti ba ng radyasyon sa lugar na ito ang aking pagkakataong mabuhay o mababawasan ang panganib ng lokal na pag-ulit? Ano ang magiging epekto ng radyasyon sa aking panganib na magkaroon ng lymphedema?
4. Sa anong mga kalagayan maaaring kailanganin ko ang radyasyon sa lugar ng aking dingding ng dibdib (ang mga supraclavicular o infraclavicular node)?

5. Kung kailangan ko ito, mayroon bang partikular na uri at bilang ng mga paggamot?
6. Kakailanganin ko ba ng "boost" na dosis ng aking radyasyon na paggamot, maaari mo bang ipaliwanag kung ano ito, kailan ko ito matatanggap at bakit ko ito kailangan?
7. Ano ang mga panganib at side effect ng radyasyon? Ano ang maaaring gawin para mabawasan ang mga side effect na ito?
8. Anong mga pamamaraan ang ginagamit para protektahan ang aking puso kung nasa kaliwang suso ang kanser?
9. Ano ang pinakamahasag na pagkakasunod-sunod para sa radyasyon na may mga implant? May mga panganib ba sa pagsasagawa ng radyasyon pagkatapos magkaroon ng mga implant? Maaari ba akong sumailalim sa radyasyon na may mga expander at pagkatapos ay mga implant?

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST KUNG MAY LOKAL KA NA PAG-ULIT (suso o kulani)

1. Anong uri ng imaging ang hihilingin mo kung mayroon akong anumang senyales o sintomas ng pag-ulit sa mga lugar na ito?
2. Kung kinukumpirma ng biopsy na ang pag-ulit ay nasa aking suso, inirerekomenda mo ba ang isa pang operasyon? Anong uri?
3. Kung pipiliin ko ang lumpectomy, maaari ba akong sumailalim sa radyasyon kung sumailalim na ako dito dati sa parehong suso?
4. Kung ang pag-ulit ay nasa aking mga kulani, irerekomenda mo ba ang operasyon?
5. Posible bang gamutin ang mga kulani gamit ang radyasyon lang?

MGA TANONG TUNGKOL SA SUPPORTIVE CARE AT SURVIVORSHIP

1. Mayroon ka bang anumang integratibong serbisyo? Kung wala, maaari ka bang magrekomenda ng anumang serbisyo sa aking lugar?
2. Mayroon ka bang nurse practitioner o team sa pamamahala ng kirot para tumulong sa aking mga sintomas o side effect?
3. Mayroon ka bang anumang mga klase sa yoga, ehersisyo, o meditasyon?
4. Nag-aalok ka ba ng anumang suporta sa psycho-social o mga grupo ng suporta para sa akin o sa mga miyembro ng aking pamilya sa iyong klinika o na maaari mong irekomenda sa aking lugar?
5. Mayroon ka bang anumang programa ng survivorship, pagpapalano sa pananalapi, o iba pang programa sa edukasyon?
6. Paano ipinapaalam sa aking PCP (primary care physician), general practitioner, o doktor ng pamilya ang impormasyon tungkol sa aking paggamot at pag-follow up?
7. Kung mayroon akong alalahanin na maaaring nauugnay sa kanser sa suso o paggamot, sino ang unang dapat kong kontakin? Ang primary care physician ko ba o ang aking oncologist?

MGA TANONG TUNGKOL SA MGA KLINIKAL NA PAGSUBOK

1. Mayroon ka bang coordinator ng klinikal na pagsubok sa iyong institusyon na makakatulong sa pagtukoy ng mga potensiyal na pagsubok para sa akin?
2. Kailan ang pinakamainam na panahon para isaalang-alang ko ang Klinikal na Pagsubok? Ano ang mga benepisyo o disbentaha ng pagpapatala sa isang klinikal na pagsubok sa pagkakataong ito?
3. Anong mga klinikal na pagsubok ang available sa iyong institusyon o sa mga kalapit na institusyon sa pagkakataong ito?
4. Ano ang mga opsyon para sa mga klinikal na pagsubok kung handa akong maglakbay?
5. Mayroon bang anumang klinikal na pagsubok na magagamit para sa aking partikular na mutasyon kahit na ito ay hindi isang partikular na pagsubok sa kanser sa suso?
6. Mayroon bang anumang partikular na pagsubok sa lobular na magagamit sa akin?

SEKSYON 2: MGA TANONG KUNG NA-DIAGNOSE KA NG METASTATIC LOBULAR NA KANSER SA SUSO (alinman sa naulit o natukoy sa paunang diagnosis - “de-novo metastatic”)

PAGKILALA SA AKING ONCOLOGIST AT MEDIKAL NA PASILIDAD

1. Espesyalista ka ba sa kanser sa suso?
2. Ilang pasyenteng may metastatic na kanser sa suso ang ginagamot mo?
3. Ilan sa kanila ang may lobular na kanser sa suso?
4. Sino pa ang magiging nasa pangkat ng tagapangalaga ko?
5. Mag-iiba ba ang paggamot mo sa akin dahil sa aking diagnosis ng lobular na kanser sa suso?
6. Paano mo susubaybayan ang aking tugon sa paggamot?
7. Komportable ka ba na humingi ako ng pangalawang opinyon kung nanaisin ko ito?
8. Gaano kadalas ako kailangang pumunta sa klinika?
9. Pamilyar ka ba sa patuloy na pananaliksik sa metastatic lobular na kanser sa suso? Handa ka bang tumanggap ng mga bagong pag-aaral o pananaliksik na maaaring matuklasan ko?
10. Mayroon ka bang mga espesyal na programa o grupo para sa mga metastatic na pasyente?

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST

1. Saan kumalat ang kanser?
2. Aling uri ng mga pag-scan ang nagpakita ng pagkalat ng aking kanser? Gaano katumpak ang imaging sa pagtukoy ng lobular na kanser sa suso sa lahat ng lokasyon kung saan maaaring kumalat ang kanser o kung saan kumalat ang kanser? Mayroon bang mga karagdagang pagsusuri sa imaging na maaaring gawin para i-verify ang lawak ng kanser?
3. Kailangan ko ba ng biopsy? Anong mga lugar? Ano ang mga panganib at side effect na nasasangkot? Kung isang lugar ito na hindi madaling ma-biopsy, anong iba pang pamamaraan o pagsusuri ang maaari mong hilingin?
4. Kung nasa aking suso rin ang kanser – magkakaroon ba ng anumang dahilan para sa operasyon sa suso sa hinaharap?
5. Angkop ba para sa akin ang paggamot na "layuning mapagaling" kung ako ay itinuturing na oligometastatic (ibig sabihin, mayroon lang akong ilang bagong tumor sa isa o dalawang iba pang bahagi ng aking katawan)? Anong mga paggamot ang maaaring kabilang dito: chemotherapy, radyasyon at/o paggamot na systemic? Ano ang magiging pagkakasunod-sunod?

MGA TANONG TUNGKOL SA AKING REPORT SA PATOLOHIYA (tingnan ang Seksyon 1, para sa mga pangalahatang tanong sa patolohiya)

1. Kung naulit, nagbago ba ang subtype mula sa orihinal na kanser? Ano ang mga pagkakaiba?
2. Gaano kaagresibo ang kanser? Paano ito makakaapekto sa aking prognosis?
3. Mababa ba ang tumor HER2?
4. Maaari mo bang ipaliwanag ang buong report at kung ano ang ibig sabihin ng iba't ibang sukat/porsiyento para sa aking paggamot?

MGA TANONG TUNGKOL SA IMAGING

1. Aling uri ng imaging ang mas mahusay para sa (mga) lugar ng pagkalat? CT Scan, PET scan, Bone Scan? O lahat ng tatlo? Gaano ko kadalas kakailanganin ang mga ito?
2. Aling mga pag-scan o pagsusuri ang makakakita ng mga hindi pangkaraniwang lugar ng lobular na kanser sa suso gaya ng sa tiyan, GI (Gastrointestinal) tract o Utak?
3. Dapat ba akong magpa-MRI ng utak?
4. Ano ang FES/PET scan? Ito ba ay isang uri ng imaging na makakatulong sa pagsubaybay sa aking metastasis?
5. Ano ang maaari kong asahan na matutunan mula sa mga resulta ng pag-scan at paano maaaring makaapekto ang impormasyong ito sa aking plano sa paggamot?
6. Posible ba para sa iyo na alertuhan ang radiologist ng aking diagnosis sa lobular para maghanap siya ng mga radiologic sign ng pagkalat mula sa aking lobular na kanser?

MGA TANONG TUNGKOL SA KARAGDAGANG PAGSUSURI

1. Mayroon bang mga pagsusuri na hihilingin mo sa specimen ng metastatic tumor na magbibigay sa iyo ng impormasyon na makakatulong sa iyong matukoy ang therapy na irerekomenda mo para sa akin? Bakit ang mga pagsusuring ito ang lubhang makakatulong? Kailangan ko bang magbayad para sa mga ito?
2. Inirerekomenda mo ba na sumailalim ako sa henetikong pagpapayo? Kung oo, saan ko ito makukuha?
3. Mayroon bang iba pang pagsusuri (tulad ng mga pagsusuri sa dugo o karagdagang mga biopsy) na gagamitin mo para subaybayan ang aking kanser? Alin, gaano kadalas, at ano ang hahanapin mo?

MGA TANONG TUNGKOL SA AKING PAGGAMOT

1. Kung ang cancer ay ER+, anong paggamot ang irerekomenda mo? Kung dati akong gumagamit ng Tamoxifen o Aromatase inhibitor, alin ang irerekomenda mo para sa akin ngayon?
2. Inirerekomenda mo rin ba ang pagdaragdag ng CDK 4/6 inhibitor (targeted therapy) sa hormone regimen? Napapabuti ba ng CDK 4/6 inhibitor ang tugon sa hormonal na paggamot?
3. Aling CDK 4/6 inhibitor ang inirerekomenda mo at bakit?
4. Kung nagbago ang subtype o mayroon akong mga nata-target na mutasyon, anong paggamot ang irerekomenda mo?
5. Kung inirerekomenda mo ang chemotherapy – Alin at bakit?
6. Ano ang mga side effect ng paggamot na inirerekomenda mo? Ano ang maaari mong gawin para sa neutropenia (mababang bilang ng puting selula ng dugo), mga isyu sa GI, mga singaw sa bibig, atbp.?
7. Handa mo bang babaan ang dosis kung ang mga side effect ay hindi kayang tiisin? Kailangan ko bang magsimula sa pinakamataas na inirerekomendang dosis o posible bang magsimula sa pinakamababang mabisang dosis?
8. Gaano kadalas ako susubaybayan?

MGA TANONG PARA SA IYONG SURGEON (Kung pinag-iisipan mo ang operasyon sa suso, tingnan ang seksyon ng Operasyon sa itaas)

1. Ano ang mga bentaha at disbentaha ng pagkakaroon ng operasyon sa suso dahil mayroon na akong metastatic na kanser?

2. Kung pipiliin kong magpaopera, anong uri ng operasyon ang inirerekomenda mo batay sa aking metastatic diagnosis at nakaraang history ng operasyon?
3. Ano ang mga panganib at/o benepisyo sa pagpapa-mastectomy batay sa aking diagnosis at lugar ng pagkalat?
4. Kung nagpa-lumpectomy na ako, maaari ba akong magpaopera muli sa parehong suso?
5. Mayroon bang benepisyo sa pagkakataong mabuhay sa pag-opera sa aking kaso?

MGA TANONG PARA SA IYONG ONCOLOGIST KUNG MAY PAG-USAD SA METASTATIC NA KANSER SA SUSO

1. Hihiling ka ba ng genomic na pagsusuri para matukoy kung ang tumor ay may mga partikular na mutasyon na maaaring ma-target? Mayroon bang PIK3CA na mutasyon? Mataas ba ang tumor mutational burden?
2. Ganoon pa rin ba ang subtype? Kung hindi, anong mga paggamot ang irerekomenda mo?
3. Mayroon bang mga targeted therapy na magagamit para sa aking subtype?
4. Anong mga gamot at sa anong pagkakasunod-sunod mo irerekomenda na inumin ko ang mga ito kung lumala ang aking kanser?
5. Kailangan ko ba ng chemotherapy? Alin at bakit? Mayroon bang mga oral chemotherapy na maaari kong gawin bago ko kailanganin ang IV chemotherapy?
6. Susuriin mo ba ang mga marker ng tumor? Kung oo, alin?
7. Mayroon bang magagamit na klinikal na pagsubok para sa uri ng tumor ko?

MGA TANONG TUNGKOL SA SUPPORTIVE CARE AT SURVIVORSHIP

1. Mayroon ka bang mga serbisyo ng palliative care (supportive care)? Anumang integratibong serbisyo? Kung wala, maaari ka bang magrekomenda ng anumang sa aking lugar?
2. Mayroon ka bang nurse practitioner o team sa pamamahala ng kirot para tumulong sa aking mga sintomas o side effect?
3. Mayroon ka bang anumang yoga, ehersisyo, mga klase sa meditasyon, mga grupo ng suporta, o suporta sa psycho-social sa iyong klinika para sa akin at/o sa aking pamilya o na maaari mong irekomenda sa aking lugar?
4. Mayroon ka bang anumang mga programa ng survivorship, pagpapalano sa pananalapi, hospisyo, at mga programang pang-edukasyon sa katapusan ng buhay?

MGA TANONG TUNGKOL SA MGA KLINIKAL NA PAGSUBOK

1. Mayroon ka bang coordinator ng klinikal na pagsubok sa iyong institusyon na makakatulong sa pagtukoy ng mga potensiyal na pagsubok para sa akin?
2. Kailan ang pinakamainam na panahon para isaalang-alang ko ang isang klinikal na pagsubok? Ano ang mga benepisyo o disbentaha ng pagpapatala sa isang klinikal na pagsubok sa pagkakataong ito?
3. Anong mga klinikal na pagsubok ang available sa iyong institusyon o sa mga kalapit na institusyon sa pagkakataong ito?
4. Ano ang mga opsyon para sa mga klinikal na pagsubok kung handa akong maglakbay?
5. Mayroon bang anumang klinikal na pagsubok na magagamit para sa mga partikular na mutasyon sa aking kanser kahit na ito ay hindi isang partikular na pagsubok sa kanser sa suso?
6. Mayroon bang anumang partikular na pagsubok sa lobular na magagamit sa akin?

SEKSYON 3: MGA PARTIKULAR NA TANONG NA MAY KAUGNAYAN SA LUGAR NG MGA PAGKALAT

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA IYONG MGA BUTO

1. Saan matatagpuan ang mga pagkalat sa buto? Tatalakayin mo ba sa akin ang mga pag-scan sa akin at ipapakita kung nasaan ang mga ito?
2. Anong imaging ang pinakamainam para masubaybayan ang mga pagkalat sa aking mga buto?
3. Gaano kadalas ko kailangang magpa-scan? Dapat ba akong mabahala tungkol sa pagkakalantad sa radyasyon mula sa aking mga pag-scan? Gaano karaming radyasyon ang matatanggap ko mula sa bawat pag-scan at ano ang panganib mula sa dosis na ito?
4. Mayroon bang benepisyo sa paghiling ng biopsy sa aking mga buto? Nasa ligtas na lugar na maa-access ba ang mga lugar para sa pagbi-biopsy at ano ang mga panganib? Mayroon bang sapat na tissue na maaalis para sa matagumpay na biopsy?
5. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga lytic at sclerotic lesion? Maghihilom ba ang mga ito?
6. Mayroon bang panganib ng bali sa anumang lugar? Ano ang maaari kong gawin para maiwasan ang bali ng buto?
7. Kung mayroon akong pananakit ng buto, irerekomenda mo ba ang radyasyon para makatulong? Anong iba pang pamamaraan ang irerekomenda mo?
8. Irerekomenda mo ba ang mga bisphosphonate para maiwasan mga pangyayaring may kinalaman sa buto? Ano ang mga benepisyo o panganib ng mga gamot na ito? Ano ang mga side effect? Ano ang mga panganib ng ONJ (osteonecrosis of the jaw) o bali sa balakang dahil sa gamot na ito? Mapapababa ba ng “drug holiday (pahinga sa gamot)” o iba pa ang mga panganib na ito?
 1. Ibibigay ba ito sa pamamagitan ng mga infusyon o iniksiyon? Gaano kadalas at gaano katagal?
 2. Dapat ko bang tapusin muna ang anumang gawaing nauugnay sa ngipin at itigil ang paggamot bago ang anumang gawaing nauugnay sa ngipin?

MGA TANONG PARA SA RADIATION ONCOLOGIST NA MAY KAUGNAYAN SA MGA PAGKALAT SA BUTO

1. Irerekomenda mo ba ang radyasyon? Ano ang intensiyon?
2. Gaano katagal ko kakailanganin ang radyasyon? Ano ang mga side effect? Ano ang maaari kong gawin para mabawasan ang mga side effect?
3. Makakatulong ba ang radyasyon sa pananakit ng buto?
4. Gaano kadalas maaaring isalang sa radyasyon ang mga buto? Mayroon bang panganib sa aking bone marrow kung isinalang sa radyasyon ang mga ito nang ilang beses?
5. Kung may mga pagkalat sa bungo, magdudulot ba ito sa akin ng mas mataas na panganib para sa pagkalat sa utak? Kailangan ko ba ng radyasyon sa aking bungo?

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA ATAY

1. Gaano karaming mga pagkalat ang mayroon ako sa aking atay? Irerekomenda mo ba ang biopsy sa aking atay?
2. Anong mga pagsusuri sa dugo o pag-scan ang pinakamainam para sa aking pagkalat sa atay?
3. Mayroon bang pagkakataon kung saan kailangan kong magpatingin sa isang espesyalista sa atay?
4. Paano nakakaapekto ang pagkalat sa atay sa aking mga opsiyon sa paggamot?
5. Gaano kalaki ang epekto nito sa paggana ng aking atay? Ano ang maaari kong gawin kung napinsala ang paggana ng aking atay?
6. Anong uri ng mga paghihigpit sa pagkain o mga pagbabago sa lifestyle ang dapat kong gawin para makatulong sa paggana ng atay?

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA IYONG MGA BAGSA

1. Maaari bang ma-biopsy ang tumor o bukol sa aking baga? Ano ang mga panganib?
2. Kailangan ko bang magpatingin sa Pulmonologist?
3. Paano makakaapekto ang patolohiya sa aking mga opsiyon sa paggamot?
4. Anong mga partikular na modalidad/pamamaraan ang makakatulong sa epekto ng mga pagkalat sa baga?
5. Mayroon bang likido sa aking mga baga? Kailangan bang i-drain ito? Dapat ba akong maglagay ng catheter? Ire-refer ba ako sa thoracic surgeon?
6. Paano mo malalaman kung kailangan akong lagyan ng oxygen?

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA GASTROINTESTINAL TRACT (esophagus, tiyan, kolón, bituka, tumbong) o TIYAN (peritoneum, omentum, pantog, mga bato o obaryo)

1. Aling mga pag-scan o pamamaraan ang nagpapakita ng mga pagkalat?
2. Ano ang mga sintomas ng pag-usad sa GI tract, at maaari bang makita ang mga ito sa scan?
3. Kung mayroon akong mga sintomas pero walang nakikita sa mga pag-scan, aling mga karagdagang pagsusuri ang maaaring gawin?
4. Magsasagawa ka ba ng biopsy? Maaari mo bang i-biopsy ang lahat ng lugar?
5. Kailangan ko bang magpatingin sa Gastroenterologist para sa colonoscopy o endoscopy?
6. Sa anong mga kalagayan ko kakailanganin ang laparoscopy (pamamaraan sa pag-oopera)? Kailangan ko bang magpatingin sa Gastroenterology surgeon?
7. Anong paggamot ang inirerekomenda mo kung mayroon akong likido (ascites) sa aking tiyan?
8. Makakatulong ba sa iyo ang mga resulta ng patolohiya na matukoy ang aking pinakamahusay na mga opsiyon sa paggamot?
9. Anong iba pang modalidad, mga pagbabago sa diyeta o lifestyle ang makakatulong sa akin dito?

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA UTAK, LEPTOMENINGES, O ORBITA (Lugar ng Mata)

1. Anong pag-scan ang nagpapakita na mayroong pagkalat sa aking utak? Kailangan ko ba ng MRI?
2. Ano ang ipinakita ng MRI?
3. Inirerekomenda mo ba ang radiation oncologist at/o neuro-oncologist na dalubhasa sa mga pagkalat sa utak?
4. May pagkalat ba sa utak o sa leptomeninges (tissue lining)?
5. Kailangan ko ba ng radyasyon? At anong uri ng radyasyon ang magbibigay sa akin ng pinakamahusay na pagkontrol sa pagkalat sa utak ko habang binabawasan ang mga side effect sa paggana ng aking utak? Ano ang mga side effect?
6. Kung nasa lugar ng aking mata ang kanser, makakatulong ba ang radyasyon? Anong uri ng radyasyon ang ginagamit? Ano ang magiging epekto ng radyasyon sa lugar na ito sa aking paningin?
7. Kailangan ko ba ng chemotherapy kung hindi pa ako nakakatanggap nito? Papalitan mo ba ang chemotherapy kung nakatanggap ako nito?
8. Anong mga paggamot ang magagamit para sa mga pagkalat sa leptomeninges?

MGA TANONG KUNG ANG MGA PAGKALAT AY NASA BALAT

1. Ibi-biopsy mo ba ang pagkalat sa balat?
2. Maaalis ba ito/ang mga ito?
3. Kailangan ko bang gawin ang anumang imaging? Anong uri?
4. Mayroon bang espesyal na uri ng paggamot para sa mga pagkalat sa balat o sistemikong gagamutin lang ito? Kung oo, ito ba ay Chemotherapy, Radyasyon, Electrochemotherapy, o mga topikal na paggamot?
5. Anong uri ng mga side effect ang maaari kong asahan mula sa paggamot?

APENDISE: MGA KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN PARA SA MGA BATAYANG PAG-AARAL TUNGKOL SA KANSER SA SUSO

Hinahangad ng LBCA na maging pangunahing mapagkukunan para sa napapanahong impormasyon, na nakabatay sa pananaliksik sa sakit sa lobular na suso. Gayunpaman, hindi nais ng LBCA na muling lumikha ng mga mapagkukunan na mahalaga at naa-access mula sa iba pang organisasyon ng mapagkukunan tungkol sa kanser sa suso. Ang mga sumusunod na website ay may mga glosaryo na maaaring maging kapaki-pakinabang sa pag-aaral tungkol sa mga termino at pangunahing bokabularyo na ginagamit sa buong diagnosis, paggamot, at pagsubaybay sa kanser sa suso:

- Komen (Glosaryo sa Kanser sa Suso): <https://www.komen.org/support-resources/tools/glossary/>
- American Cancer Society (Glosaryo sa Kanser): <https://www.cancer.org/cancer/glossary.html>
- Cancer.gov (website ng NCI na bahagi ng NIH) <https://www.cancer.gov/types/breast/patient/breast-treatment-pdq>
- Gabay sa Pasyente ng NCCN: <https://www.nccn.org/patients/guidelines/content/PDF/breast-invasive-patient.pdf> o https://www.nccn.org/patients/guidelines/content/PDF/stage_iv_breast-patient.pdf

PAGHAHANDA PARA SA MGA PAGBISITA SA IYONG PANGKAT NG TAGAPANGALAGA

Sa paghahanda para sa appointment sa alinman sa iyong mga espesyalista sa kanser o team, inirerekomenda namin na:

1. Ikaw ay humiling, tumanggap, at magsuri ng anumang resulta ng pagsusuri, patolohiya, surgical, at mga report sa radiology, at mga tala ng doktor na maaaring available.
 - i. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa anumang bagay sa mga resultang ito kabilang ang kung ano ang maaari nilang imungkahi tungkol sa iyong diagnosis, prognosis, o ipinapayong paraan ng paggamot, isulat ang mga tanong na ito at dalhin ang mga ito sa appointment mo sa iyong mga doktor.
 - ii. Makakatulong sa iyo ang pagsusuri nang maaga sa mga ito na matuklasan ang mga tanong na hindi mo pa napag-isipan dati o tungkol sa kung saan ka ngayon humihingi ng karagdagang paglilinaw.
2. Magsama ng isang tao na maaaring magtala kapag kumukonsulta ka sa doktor.
 - i. Kung hindi posible, maaari mong hilingin na gamitin ang iyong telepono para irekord ang pag-uusap o mag-imbata ng kaibigan o miyembro ng pamilya na makikinig sa pagbisita sa pamamagitan ng telepono upang sila ang magsulat ng mga tala.

The translation of this document was made possible by Daiichi Sankyo.